**International Journal of Research Studies in Education**
2026 Volume 15 Number 7, 41-48




ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

# Paggamit ng video lesson sa paglinang ng makrong kasanayan sa panonood

Ayes, Ma. Antoinette
*Philippine Normal University, Philippines (ayes.mad@pnu.edu.ph)*
Leonardo, Ricka
*Philippine Normal University, Philippines (leonardo.rad@pnu.edu.ph)*
Palad, Richard Nikko
*Philippine Normal University, Philippines (palad.rnl@pnu.edu.ph)*
Pascual, Jhigo
*Philippine Normal University, Philippines (pascual.jv@pnu.edu.ph)*
Santos, John Patrick
*Philippine Normal University, Philippines (santos.jpb@pnu.edu.ph)*
Macascas, Cristina D. ✉
*Philippine Normal University, Philippines (macascas.cd@pnu.edu.ph)*

**Received**: 31 January 2026 **Revised**: 20 February 2026 **Accepted**: 5 March 2026
**Available Online**: 9 March 2026 **DOI**: 10.5861/ijrse.2026.26818

***Abstract***

Teaching literature is becoming increasingly challenging due to various factors that affect reading. Therefore, this study aimed to integrate literature and video lessons as a foundation for developing macro viewing skills. Using a descriptive-developmental research design, video lessons were developed and implemented in intervention classes. The findings revealed that viewing significantly enhances learners' understanding of the various texts read and studied in class. According to the results, learning literature becomes more effective and interactive when supported by video lessons. Thus, the continued development and use of video lessons as a teaching tool in Filipino are recommended.

***Keywords:*** Filipino, instructional materials, pedagogy, video lesson, viewing

© The Author(s) / Attribution CC BY

# Paggamit ng video lesson sa paglinang ng makrong kasanayan sa panonood

## 1. Panimula

Mahalagang malaman at maunawaan na ang Filipino ay isang pundamental na asignatura na lumilinang ng literasi, kakayahang komunikatibo, mapanuring pag-unawa sa iba't ibang uri ng teksto. Layunin ng pagtuturo ng Filipino na malinang ang (1) kakayahang komunikatibo, (2) replektibo / mapanuring pag-iisip at, (3) pagpapahalagang pampanitikan ng mga estudyante sa pamamagitan ng mga babasahin at teknolohiya tungo sa pagkakaroon ng pambansang pagkakakilanlan, kultural na literasi, at patuloy na pagkatuto upang makaagapay sa mabilis na pagbabagong nagaganap sa daigdig. Sa ikatatamo ng mithiing ito, kailangan ng mga kagamitang panturo ng mga guro bilang suporta sa kurikulum na magmumula sa administrasyon, ahensiyang panlipunan, pribado at publiko, pamahalaang lokal, midya, tahanan at iba pang sektor ng lipunan.

Sa patuloy na pag-unlad ng teknolohiya, lalong nagiging mahalaga ang paggamit ng mga makabagong kagamitang panturo upang mapaunlad ang karanasan sa pagkatuto ng mga estudyante. Isa sa mga ito ang paggamit ng *video lesson*. Ang *video lesson* ay maikling presentasyon na idinisenyo upang maghatid ng isang mahusay na ideya. Ito ay mainam sa mabilisang pagtuturo-pagkatuto na nangangailangan ng agarang tugon. Madalas itong sinasamahan ng mga gawaing repleksiyon at iba pang kahalintulad na gawain upang masukat at mailapat ang natutuhan sa panonood (BigThink, 2025). Ang *video lesson* ay unti-unti nang nagiging pangunahing kagamitan ng mga guro sa paglinang ng makrong kasanayan sa panonood.

Ang kasanayan sa panonood ay tumutukoy sa kakayahan ng isang tao na maunawaan, mapansin, at suriin ang mga detalye at mensahe mula sa mga biswal na midya tulad ng pelikula, telebisyon, o mga bidyo. Ang panonood ay kinapapalooban ng iba't ibang aspekto. Una, ang pagkilala sa nilalaman. Ito ang pag-unawa sa mga ideya, tema, at mensahe na ipinapakita sa pamamagitan ng mga biswal, tunog, at mga diyalogo. Pangalawa, ang pagkilala sa mga teknikal na aspekto. Ito ang pagtukoy sa mga teknikal na elemento ng isang palabas o pelikula, tulad ng sinematograpiya, editing, tunog, at iba pang aspekto ng produksiyon na nagpapahusay sa mensahe. Pangatlo, ang pagsusuri ng konteksto. Ito ang pag-unawa kung paanong ang mga elemento ng panonood ay may kaugnayan sa kultura, kasaysayan, o konteksto ng palabas o pelikula. Halimbawa, ang pag-unawa sa mga simbolismo o ang epekto ng isang partikular na tagpuan sa karakter o kuwento. Pang-apat, ang kritikal na pagsusuri. Ito ang kakayahan na magbigay ng opinyon, magtanong, at magsuri ng mga mensahe, mga karakter, at mga tema sa isang palabas o pelikula. Kasama dito ang pagtukoy sa mga ideolohiyang ipinapakita at kung paano ito nakaaapekto sa mga manonood. Panghuli, ang pagsunod sa daloy ng kuwento. Pagkakaroon ito ng kakayahang sundan ang banghay ng isang palabas o pelikula, pati na rin ang mga pagbabago sa emosyon, karakter, at mga pangyayari.

Hindi maikakaila na ang panonood ay isang mahalagang kasanayan sa ika-21 siglong pagkatuto. Sa pamamagitan nito, natututuhan ng mga estudyante ang pag-unawa sa imahen, kilos, tunog, at mensahe na mahalagang bahagi ng literasing biswal. Karamihan sa mga tekstong inaakses ng mga estudyante sa labas ng klasrum ay mga biswal at mga multimodal na teksto na gumagamit ng mga imahen. Kaya naman dapat na bigyan sila ng mga pagkakataon na "magbasa" - suriin at magtaya ng mga uri ng mga teksto sa klasrum. Higit pa rito, ang karamihan sa mga multimodal na tekstong ito ay mga bidyo sa YouTube, infographics, website, blog, social media site na kumbinasyon ng naka-print na teksto at imahen. Ang mga imaheng ito ay nakatutulong sa pag-unawa sa mga teksto.Dahil dito, ang paggamit ng *video lesson* ay nagiging epektibong tulay upang maging makabuluhan, kawili-wili, at mas malalim ang pagkatuto.

Ang *video lesson* ay hindi lamang simpleng pagpapakita ng bidyo sa harap ng klase. Ito ay sining ng mabisang presentasyon ng impormasyon na may malinaw na estruktura, lohikal na paglalahad, at pagsasama ng awdiyo at biswal na elemento. Tinatarget nito ang iba't ibang estilo ng pagkatuto ng mga estudyante—may mga

natututo sa pamamagitan ng tunog, may ilan naman na mas naaantig sa biswal na representasyon. Sa tulong ng *video lesson*, mas nagiging malinaw ang estruktura ng aralin, nagkakaroon ng konkretong halimbawa, at nagiging mas madaling maunawaan ang mga abstraktong konsepto.

Ayon sa Canadian Common Curriculum Framework (1998), ang panonood ay isang aktibong proseso ng pagdalo at pag-unawa sa biswal na midya, tulad ng telebisyon, mga imahen sa patalastas, mga pelikula, mga dayagram, mga simbolo, mga litrato, bidyo, drama, guhit, eskultura at mga pagpipinta. Kaya't ang panonood ay tungkol sa "pagbabasa" - pagsusuri, pagtataya at pagpapahalaga ng mga biswal na teksto. Ang pagtingin ay isang aktibo sa halip na isang pasibong proseso.

Sa paglinang ng makrong kasanayan sa panonood, malaki ang nagiging ambag ng *video lesson*. Una, nagkakaroon ang mga estudyante ng pagkakataong magsuri ng impormasyon mula sa iba't ibang elemento ng bidyo tulad ng galaw, kulay, tunog, at teksto. Pangalawa, nahuhubog ang kanilang kakayahang mag-analisa ng mensahe, layunin, at pananaw ng tagapaghatid ng impormasyon. Pangatlo, natututuhan nilang maging mapanuri at kritikal na manonood—isang kasanayang napakahalaga sa panahon ng mabilis na pagpapakalat ng impormasyon at maling balita. Sa madaling salita, ang *video lesson* ay hindi lamang nagpapadali ng pagkatuto, kundi nakatutulong din upang malinang ang kritikal na pag-iisip ng mga estudyante.

Gayunpaman, hindi sapat na magpakita lamang ng *video lesson* sa klase. Nangangailangan ito ng Gabay ng Guro. Ayon sa UNESCO (2022), ang Gabay ng Guro ay kinakailangang nagtataglay ng mahahalagang komponent. Una, may tahasang pagpapahayag ng mga layunin nang may tuwirang iminumungkahing mga gawain. Pangalawa, nagbibigay ng kaalaman at suporta upang makatulong sa pagpapaunawa at pagpapatupad ng mga plano sa pagtuturo. Pangatlo, nagpapatibay sa kaalaman sa pedagohikal-nilalaman. Pang-apat, nag-aalok ng mga kasanayan at pag-unawa sa nauugnay na pedagohikal na mga gawain. Panglima, naglalahad ng mga alternatibo at kalayaan sa pagpili. Panghuli, nanghihikayat sa guro sa patuloy na pagninilay. Kaya naman ang Gabay ng Guro ay isang materyal na idinisenyo upang tulungan ang mga guro sa pagpaplano, pag-oorganisa, at pagpapatupad ng mga aralin. Karaniwang naglalaman ito ng layunin ng aralin, nilalaman o paksa, mga mungkahing gawain, estratehiya sa pagtuturo, at pagtatasa (*formative* o *summative*). Sa pamamagitan nito, ang pagtuturo-pagkatuto ay nagiging malayunin, sistematiko, at lapat sa kurikulum.

Dito pumapasok ang pangangailangan sa pagbuo ng mungkahi o gabay para sa mga guro. Ang gabay na ito ay maaaring maglaman ng mga hakbang bago, habang, at pagkatapos manood ng bidyo. Halimbawa, maaaring magsimula ang guro sa pagbibigay ng tanong-gabay upang ihanda ang isipan ng estudyante sa paksa. Habang nanonood naman, maaari silang bigyan ng obserbasyon o talaang dapat punan, at pagkatapos manood ay isasagawa ang pagtalakay, pag-aanalisa, at aplikasyon ng napanood. Sa ganitong paraan, nagiging mas aktibo, makabuluhan, at nakatuon sa pagkatuto ang proseso.

Ayon din sa Canadian Common Curriculum Framework (1998), ang aktibo at epektibong manonood ay nagtatanong sa kanilang sarili ng serye ng mga tanong tulad ng 1. Ano ang kinakatawan ng teksto?; 2. Paano nabuo ang teksto?; Anong mga pagpapalagay, interes, paniniwala, pagkiling at pagpapahalaga ang inilalarawan ng teksto?; 4. Ano ang layunin ng teksto?; 5. Para kanino ang teksto?;  6. Ano ang naging reaksiyon ko sa teksto? Ano ang sanhi ng reaksiyong ito?; at 6. Anong mga personal na koneksiyon at asosasyon ang maaari kong gawin sa tekstong ito?

Kaya naman ang isang guro ay kinakailangang maghanda ng mga gawaing angkop at lapat sa kompetensi na nais linangin. Ang balangkas na 3s (Story, Setting, Sound) ay makatutulong sa paghahanda ng mga gawain gamit ang mga gabay na tanong. Para sa kuwento (story), maaaring itanong ang 1. Ano ang nangyayari sa simula, gitna at wakas (banghay) ng kuwento?; 2. Ano ang mahahalagang pangyayari sa kuwento?; at 3. Paano malalaman kung saan naganap ang kuwento? Para sa tagpuan (setting), maaaring umikot ang mga tanong sa 1. Saan nagaganap ang aksiyon?; 2. Kailan at paano nagbabago ang tagpuan?; at 3. Paano mo masasabi kung saan at kailan naganap ang kuwento? Panghuli, para sa tunog, maaaring itanong ang 1. Ano-anong tunog ang narinig mo?; 2.  Ano ang naramdaman mo sa musika at tunog?; at Mayroon bang anomang sandali ng katahimikan?

Bakit?

Sa kabuoan, ang pagtuturo-pagkatuto ng kasanayan sa panonood ay hindi maihihiwalay sa epektibong komunikasyon at makabuluhang pagkatuto sa ika-21 siglo. Ito ay mahalagang kasanayang dapat linangin ng mga guro sa mga estudyante upang maging responsableng tagapanood, mapanuring mamamayan, at aktibong kalahok sa lipunang ginagalawan. Sa patuloy na pag-usbong ng teknolohiya, higit pang tumitibay ang kahalagahan ng panonood bilang kasanayang nagbibigay-lakas sa pag-unawa at pakikipag-ugnayan sa mundo.

***Layunin*** - Pangunahing layunin ng pananaliksik na ito ang pagsasanib ng panitikan at telebisyon sa paggamit ng *video lesson* bilang lunsaran sa paglinang ng makrong kasanayan sa panonood na batayan sa mungkahing gabay ng guro. Bukod dito, tinangka din ng pag-aaral na ito na:

a) Matukoy ang hindi gaanong nalilinang na mga kompetensi sa kasanayan ng panonood sa gabay na kurikulum ng Filipino sa ikasampung baitang;

b) Makapagdisenyo ng mungkahing gawain sa panonood gamit ang *video lesson* sa pagtuturo ng panitikan; at

c) Masubukan ang nilikhang mungkahing gawain gamit ang *video lesson* sa mga estudyante ng ikasampung baitang.

## 2. Pamamaraan

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng deskriptibo-debelopmental na disenyo ng pag-aaral. Ginamit ang disenyong ito dahil ito ay nagpapakita ng sistematikong pag-aaral ng pagdidisenyo, pagdebelop at pagtataya ng isang programang instruksiyonal, proseso, at produkto na natatamo ang krayterya ng konsistensi at kabisaan nito (Seels & Richey, 1994). Dito inilarawan ang bawat proseso sa pagbuo ng isang mungkahing gawain gamit ang *video lesson* bilang lunsaran sa paglinang ng kasanayang panonood. Ayon kina Creswell at Creswell (2018), walang tiyak na bilang ng kalahok sa kuwalitatibong pag-aaral ngunit nakadepende ito sa disenyo ng pananaliksik. Kaugnay nito, pinili ang dalawampu't limang estudyante sa ikasampung baitang bilang mga kalahok sa pag-aaral gamit ang *purposive sampling.* Pinili ang baitang na ito dahil dito namamasid ang pagtuturo ng panitikan sa pamamagitan ng panonood. Ang bawat kalahok naman ay tiniyak na opisyal na estudyante sa paaralan at naging kalahok din sa isinagawang interbensiyon na klase. Isinagawa ang pag-aaral sa pampublikong paaralan sa Maynila.

Samantala, ang talatanungan na gagamitin pagkatapos ng klase ay dumaan sa balidasyon ng tatlong dalubguro sa Filipino. Ang talatanungan ay nahahati sa tatlong bahagi: 1) saloobin ng estudyante sa mga kompetensi sa panonood sa kanilang pagkatuto; 2) saloobin ng estudyante sa pinanood na video lesson sa ilang aspekto ng pagkatuto at; 3) halagang nakikita ng estudyante sa paggamit ng *video lesson* sa pagtuturo ng panitikan. Unang isinagawa ang pagmamasid sa mga klase ng Baitang 10. Mula rito ay kapuna-puna ang pagkakaiba ng antas ng pagkatuto ng mga estudyante sa talakayang pangklase. Upang kumpirmahin ang ipinagpalagay na pangangailangan, nagsagawa ng interbyu sa mga guro ng Filipino sa Baitang 10 tungkol sa namasid sa klase. Ang mga datos na nakuha rito ang naging batayan sa pagdidisenyo ng *video lesson* na gagamitin sa interbensiyon. Kasunod nito ang paglilirip sa kurikulum. Dito nag-unpack ng mga kompetensi na naging batayan sa pagbuo ng *video lesson.* Matapos nito ay inihanda ang Gabay ng Guro alinsunod sa balangkas ng Canadian Common Curriculum.

Ang nabuong *video lesson* tungkol sa akdang pampanitikan ay ginamit sa klase sa Baitang 10 bilang interbensiyon. Isinagawa ang implementasyon ng *video lesson* sa pamamagitan ng birtuwal na pagtuturo at pagpapanood sa klase. Pagkatapos ng klase, pinasagutan ang talatanungan tungkol sa naging danas sa panonood ng *video lesson*. Ang pagsusuri sa impormasyong nakuha mula rito ang naging batayan upang tayain kung epektibo ang isinagawang interbensiyon mula sa nakitang pangangailangan.

Sa pagsusuri ng mga datos, ang mga mananaliksik ay gumamit ng arithmetic mean kung saan tinumbasan ng numero ang bawat sagot ng mga estudayante 4 - Lubos na sumasang-ayon; 3 - Sumasang-ayon; 2 - Hindi sumasang-ayon; 1 - Lubos na hindi sumasang-ayon). Kukunin ang mean score sa bawat katangian na nasa ebalwasyon na may sumusunod na interpretasyon:

**Talahanayan**

*Likert Scale ng Gabay sa Interpretasyon sa Antas ng Kaalaman/Kasanayan sa mga Kompetensi*

| Mean | *Interpretasyon* |
|---|---|
| 3.26-4.00 | May Lubos na Kasanayan |
| 2.51-3.25 | May Sapat na Kasanayan |
| 1.76-2.50 | May Kaunting Natamong Kasanayan |
| 1.00-1.75 | Walang Natamong Kasanayan |

## 3. Resulta at Pagtalakay

Sa bahaging ito ay inilalahad, sinusuri, at binibigyang-interprestasyon ang mga nakalap na datos mula sa mga kalahok at sa ebalwasyon sa kanilang natamong kasanayan sa panonood sa kanilang mga klase.

***Pagtukoy sa hindi gaanong nalilinang na mga kompetensi sa kasanayan ng panonood sa gabay na kurikulum ng Filipino sa Ikasampung Baitang***

Upang masagot ang unang layunin ng pag-aaral tungkol sa pag-iisa-isa ng mga kompetensi na hindi gaanong nalilinang, inilista ang mga kompetensi na dapat malinang sa panonood. Mula sa listahan ng mga kompetensing ito ay nagsagawa ng *unpacking* sa pamamagitan ng paghanay nito sa Gabay Pangkurikulum sa Filipino.

**Talahanayan 2**

*Listahan ng mga Kompetensi sa Filipino na Hindi Gaanong Nalilinang*

| Filipino 10 - Kompetensi sa Pagkatuto | |
|---|---|
| 1. Naibibigay ang sariling opinyon tungkol sa anekdotang napanood sa YouTube | F10PD-IIIb-75 |
| 2. Nasusuri ang napanood na sabayang pagbigkas o kauri nito batay sa: kasiningan ng akdang binigkas - kahusayan sa pagbigkas - at iba pa | F10PD-IIIc-76 |
| 3. Nabibigyang-puna ang napanood na teaser o trailer ng pelikula na may paksang katulad ng binasang akda | F10PD-IIId-e-77 |
| 4. Naibibigay ang sariling reaksiyon sa pinanood na video na hinango sa YouTube | F10PD-IIIf-g-78 |
| 5. Nasusuri ang napanood na *excerpt* ng isang isinapelikulang nobela | F10PD-IIIh-i-79 |
| 6. Natataya ang napanood na pagtatanghal batay sa napagkaisahang mga pamantayan | F10PD-IIIj-80 |

Ang mga natukoy na kompetensi ang pinaghalawan sa pagpili ng mga kompetensi na ginamit upang bumuo ng isang mungkahing gawain gamit ang *video lesson*. Mula sa listahan ng mga kompetensi na nakatuon sa panonood na hindi gaanong nalilinang sa mga estudyante ay nagsagawa ng modipikasyon upang maiangkop sa paggamit ng *video lesson* sa pagtuturo at pagkatuto na ang binibigyang-tuon ay paglinang at paghasa sa kasanayan sa panonood ng mga estudyante.

**Talahanayan 3**

*Mga Layunin*

| Filipino 10 – Layunin sa Panonood |
|---|
| 1. Naibibigay ang sariling opinyon tungkol sa anekdotang napanood sa *video lesson* |
| 2. Nasusuri ang napanood na *video lesson* ayon sa kasiningan ng pagkakabuo nito |
| 3. Nabibigyang-puna ang napanood na *video lesson* ng akdang binasa |
| 4. Naibibigay ang sariling reaksiyon sa pinanood na *lesson video* na hinango sa tampok na teksto |
| 5. Nasusuri ang napanood na *video lesson* ng isang nobela |
| 6. Natataya ang napanood na pagtatanghal pangklase batay sa napagkaisahang mga pamantayan |

Nagsagawa ng modipikasyon at unpacking upang natukoy ang mga *least mastered competencies*. Ito ang naging batayan upang bumuo ng mga tiyak na layunin na tutugon sa kasanayang panonood. Mula rito ay nakabuo ng mga mungkahing gawain na lilinang sa panonood ng mga estudyante sa ikasampung baitang.

***Pagdidisenyo ng mungkahing gawain sa panonood gamit ang video lesson sa pagtuturo ng panitikan***

Sa nasipat na mga kompetensi na hindi gaanong nalilinang ay nakabuo ng mungkahing gawain sa panonood. Una na rito ang pagpapanood ng interaktibong *video lesson* na naglalaman ng anekdota mula sa Africa at Persia. Nilinang sa gawaing ito ang *least mastered competency* na naiuugnay sa kaisipang namayani sa pinanood na bahagi ng binasang akda sa mga kaisipang namayani sa binasang akda.




*Larawan 1*

Sa pangalawang bahagi ng mungkahing gawain ay ginamit ang "DapatAlamMo" sa pagtalakay ng nobela. Upang maisakatuparan ang gawaing ito, ipinanood sa mga estudyante ang *video lesson*. Nilinang sa gawaing ito ang *least mastered competency* na nakapagbibigay ng hinuha sa kalalabasan ng mga pangyayari sa nobelang pinanood.




*Larawan 2*

***Pagsubok ng nilikhang mungkahing gawain gamit ang video lesson sa mga estudyante ng ikasampung baitang***

Upang matamo ang ikatlong layunin ng pag-aaral na masubukan ang nilikhang mungkahing gawain sa mga estudyante, sinuri ang datos sa naging ebalwasyon ng mga estudyante sa kabuoang mungkahing gawain. Nagkaroon ng selektibong organisasyon ng mga interpretasyon upang mabigyang-pansin ang pag-unlad ng dalawang *video lesson* tungo sa pagsasakatuparan ng mungkahing gawain.

**Talahanayan 4**
*Kabuoang Interpretasyon ng Ebalwasyon ng Mungkahing Gawain*

| Katangian | Mean | Interpretasyon |
|---|---|---|
| Nasiyahan ako sa naging klase. | 3.30 | May Lubos na Kasanayan |
| Naging interesado ako sa nilalaman ng *video lesson*. | 3.40 | May Lubos na Kasanayan |
| Naunawaan ko nang madali ang nilalaman ng *video lesson.* | 3.20 | May Sapat na Kasanayan |
| Napukaw ang aking atensiyon ng nilalaman ng *video lesson.* | 3.10 | May Sapat na Kasanayan |
| Madali kong nakuha ang mensahe ng nilalaman ng *video lesson.* | 3.98 | May Lubos na Kasanayan |
| Madali kong naunawaan ang gawain matapos panoorin ang *video lesson*. | 3.86 | May Lubos na Kasanayan |

| | | |
|---|---|---|
| Nakatulong sa akin ang mga gawain upang mas maunawaan ang nilalaman ng *video lesson*. | 3.29 | May Lubos na Kasanayan |
| Nakatulong sa akin ang panonood ng *video lesson* sa pagkatuto ng aralin. | 3.54 | May Lubos na Kasanayan |
| Kabuoang Mean | 3.46 | May Lubos na Kasanayan |

Makikita mula sa Talahanayan 4 na umabot sa 3.46 ang kabuoang mean na naitala s ebalwasyon mula sa mga estudyante. Samakatuwid batay sa resulta, may lubos na kasanayan ang naipakita ng mungkahing gawain sa panonood gamit ang *video lesson* para sa mga estudyante. Kung titingnan naman ang bawat katangian sa ebalwasyon mula sa pinakamababa hanggang sa pinakamataas, lumalabas na ang katangian na "Madali kong nakuha ang mensahe ng nilalaman ng video lesson." ang may pinakamataas na mean (3.98). Nangangahulugan lamang ito na naging mabisang kagamitan ang panonood ng *video lesson* sa pagkatuto ng mga estudyante sa aralin. Pinapatunayan ito ng komento ng dalawa sa mga estudyanteng nakilahok sa panonood ng bidyo:

> *Estudyante 4: "Sa pamamagitan ng isang biydo, mas naging malinaw ang kahulugan at naintindihan ko ang panitikan."*

> *Estudyante 24: "Mas nabibigyan ng linaw ang pagintindi sa panitikang ito dahil mas nailalarawan ito nang maayos."*

Sa kabilang banda, lumalabas naman na ang katangian na "Napukaw ang aking atensiyon ng nilalaman ng video lesson" ang may pinakamababang mean (3.10). Isa sa mga salik na nakaimpluwensiya rito ang pagkakabuo ng mismong bidyo.

> *Estudyante 11: "Masyado lang pong maliit ang subtitle sa bidyo."*

> *Estudyante 17: "Kaunting laki po siguro sa mga titik na nasa ibaba."*

Sa kabuoan, masasabi pa ring nakatulong ang panonood ng *video lesson* sa pagkatuto ng mga estudyante sa aralin. Nakitang naging mabisa at katanggap-tanggap ang video lesson sa pagkatuto nila matapos itong mapanood. Ayon sa mga estudyante, ang gawaing dapat isama sa talakayan ay yaong may kaugnayan sa panonood. Mahihinuha rito na kaunti na lamang sa mga estudyante ang nagnanais na magbasa at magsulat. Ayon nga sa pag-aaral nina Thompson at McIlnay (2019):

> *We argue for integration of non-traditional texts and application of multimodal reading approaches to motivate students, reinvigorate curricula, and meet continually evolving education standards. Our approach calls for integrating a wide range of texts, including comics, graphic novels, and film, for language learning and into the literary curriculum.*

Ipinaliliwanag nito na sa pamamagitan ng pagsasama ng libo-libong teksto tulad ng mga graphic novel, komiks at pelikula sa panitikan ay umaani ito ng maraming magagandang resulta lalo na sa pagbuo ng kumpiyansa ng estudyante. Idinidiin sa kanilang pag-aaral ang pagpapatupad ng *multimodal reading approach* na may integrasyon ng mga di-tradisyonal na teksto sa panitikan ay nakatutulong sa pinahusay na motibasyon, muling pagbuhay sa kurikulum at pagtupad sa adhikain ng lumalawak na pamantayan ng edukasyon.

Sa kabilang banda, nakikitang malaking hamon para sa mga guro ang paghahanda ng *video lesson* dahil nangangailangan ito ng iba't ibang kasanayan tulad ng pagkuha ng mga larawan, pagpili ng angkop na kulay, paglalapat ng musika, editing, at iba. Kailangan din ng mga angkop na kagamitan. Idagdag pa na nangangailangan ito ng maraming oras sa aspektong teknikal tulad ng preparasyon ng guro sa pag-edit na nakaaapekto sa mga biswal na presentasyon at nilalaman ng aralin.

Sa huli, ang paggamit ng *video lesson* ay hindi lamang modernong pamamaraan, kundi isang makabuluhang estratehiya sa pagtuturo na tumutugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral ngayon. Sa paglinang nito sa makrong kasanayan sa panonood, nagbubukas ito ng oportunidad para sa mas malalim na pag-unawa, mas

kritikal na pag-iisip, at mas mataas na antas ng partisipasyon. Sa tulong ng mahusay na gabay mula sa guro, nagiging higit na epektibo ang video lesson bilang kasangkapan sa pagkatuto. Sa ganitong paraan, ang teknolohiya ay hindi nagiging kalaban ng tradisyunal na pagtuturo kundi katuwang sa pagbuo ng makabagong pag-aaral na tunay na nakaugnay sa mundo ng mga estudyante.

## 4. Kongklusyon at Rekomendasyon

Napatunayan sa pag-aaral na ang paggamit ng *video lesson* sa paglinang ng kasanayan sa panonood ay mabisa na makikita sa naging resulta ng ebalwasyon ng mga kalahok at pag-unlad ng grado ng mga estudyante. Kaya naman iminumungkahi sa mga guro ang paggamit ng *video lesson* sa pagtalakay at pag-unawa sa panitikan. Maaari din itong gamitin bilang motibasyon sa klase. Ang paglalakip ng mga bidyo at iba pang biswal na kagamitan sa pagtuturo-pagkatuto ay maaaring sumaklaw sa iba't ibang paraan ng pagkatuto ng mga estudyante. Para sa mga tagadisenyo ng kurikulum, maaaring magdebelop ng hiwalay na gabay sa pagkatuto gamit ang *video lesson*. Ang pagkakaroon ng *official page* o lagakan ng mga materyal tulad ng video lesson ay malaking tulong para sa pagtuturo at pagkatuto. Para sa mga tagapangasiwa ng paaralan, magsagawa ng libreng webinar/seminar at pagsasanay para sa mga guro upang makalikha at makagamit ng *video lesson* sa epektibong pagtuturo. Gayon din, maglaan ng mga sapat na kagamitan na makatutulong sa pagbuo ng *video lesson* at mabisang pagtalakay ng mga panitikan gamit ang *video lesson*. Panghuli, para sa mga mananaliksik sa hinaharap, maghanda ng mga angkop at sapat na kagamitan sa pagpapanood ng *video lesson* upang matugunan ang mga kinaharap na teknikal na problema sa paggamit nito at magsagawa pa ng mga karagdagang pag-aaral na may kinalaman sa nasabing kagamitan.

## 5. Sanggunian


Big Think. (2025, August 5). What is a video lesson? https://help.bigthink.com/help/video-lesson

Brame, C. J. (2016). Effective educational videos: Principles and guidelines for maximizing student learning from video content. *CBE—Life Sciences Education, 15*(4), es6. https://doi.org/10.1187/cbe.16-03-0125

Canadian Common Curriculum Framework Governments of Alberta, British Columbia, Manitoba, Northwest Territories, Saskatchewan and Yukon Territory. (1998). *The common curriculum framework for English language arts kindergarten to grade 12: Western Canadian protocol for collaboration in basic education* (2nd ed.). Winnipeg, MB: Manitoba Education and Training.

Creswell, J. W., & Creswell, J. D. (2018). Research design: Qualitative, quantitative, and mixed methods approaches (5th ed.). SAGE Publications, Inc.

Department of Education. (2016). *K to 12 gabay pangkurikulum: Filipino***.** https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2019/01/Filipino-CG.pdf

Donaghy, K. (2019). Advancing learning: The fifth skill – 'viewing'. OneStopEnglish. https://www.onestopenglish.com/advancing-learning/advancing-learning-the-fifth-skill-viewing/557577.article

Seels, B., & Glasgow, Z. (1990). Exercises in instructional design. Merrill Publishing Company.

Thompson, R., & McIlnay, M. (2019). Nobody wants to read anymore! Using a multimodal approach to make literature engaging**.** *Journal of English Language and Literature***,** *7*(1), 21–40.

UNESCO IIEP. (2022). Teacher guides and lesson plans. IIEP Policy Toolbox. Retrieved August 28, 2023, from https://policytoolbox.iiep.unesco.org/policy-option/teacher-guides-and-lessonplans/